

## Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Panlabas na Palaruan (Outdoor Playgrounds)

### **Kamakailang mga Pagbabago:**

11/23/20: Binago para linawin na ang mga panlabas na palaruan (outdoor playgrounds) na matatagpuan sa mga pantirahang setting na hindi bukas sa publiko ay maaari ng muling buksan. Ang mga palaruan ay hindi kailangan na pinatatakbo ng lungsod, estado, county o pederal na gobyerno upang muling buksan para magamit.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health o DPH) ay ipinagtitiyap ang isang niyugtuang pamamaraan (a staged approach), suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, upang payagan ang ilang mga lugar na muling makapagbukas ng ligtas. Ang mga kinakailangan na nasa ibaba ay partikular sa mga Outdoor Playgrounds na pinahihintulutan na bukas ng Utos ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan. Bilang karagdagan sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa mga partikular na lugar na ito, ang mga lugar na ito ay dapat ring sundin ang mga kondisyong inilatag sa Listahang ito.

Ang protokol na ito ay nalalapat sa mga outdoor playgrounds na matatagpuan sa mga parke, kampo, at iba pang mga lokasyon. Ang mga panloob na palaruan at mga sentro sa paglilibang ng pamilya ay kasalukuyang hindi pinapayagang magbukas.

Ang isang outdoor playground ay tinutukoy bilang mga palaruan na matatagpuan ng ganap sa labas, libre para pasukin at gamitin, pangunahing dinisenyo para magsilbi sa malapit na mga residente sa loob ng kalahating milya, at karaniwang kinabibilangan ng mga panglibangang kagamitan, tulad ng mga istraktura sa paglalaro, padulasan, pang-ugoy (swing), atbp., na naglalayong pagyamanin ang pisikal na kalusugan at kaunlaran ng mga bata. Ang mga outdoor playgrounds ay maaaring magbigay ng panlabas na espasyo na iniutos ng estado para sa mga preschool, ngunit ang paggamit sa mga ito ay dapat na naka-schedule ng pauna para iwasang magkasabay sa publiko o iba pang mga paaralan.

Ang mga ahensya ng City at County ay nagtataglay ng karapatan na panatilihin sarado ang isang playground kung ang pagkontrol ng impeksyon o mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya ay hindi ligtas na masusunod.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan (resources) kung kaya't regular na tingnan ang website ng LA County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito at kaugnay na gabay.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado

- (2) Mga hakbang para matiyak ang pisikal na pagdistansya
- (3) Mga hakbang para matiyak ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para matiyak ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

**Ang lahat ng mga Outdoor Playgrounds na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop.**

Pangalan ng Pasilidad: \_\_\_\_\_

Address ng Pasilidad: \_\_\_\_\_

#### **A. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA**

- Para sa mga istraktura o lugar sa paglalaro na maaaring panghawakan ang higit sa 1 bata, isaalang-alang ang pagmamarka gamit ang tape o iba pang nakikitang palatandaan para tulungan ang mga bata na tasahin kung sila ay 6 na talampakan ang layo.
- Ang mga tagapag-alaga/matatanda ay pinaaalalahanan na sila ay inaatasan na panatilihin na 6 na talampakan ang layo ng mga bata mula sa magkakaibang sambahayan.
- Kung may pauna ng naka-schedule na aktibidad na magagamit ang playground, ang playground ay dapat na sarado sa mas malawak na bilang ng publiko sa panahong iyon.
- Ang mga programa sa pangangalagang pambata (childcare), mga paaralan, mga programa pagkatapos ng pasok sa paaralan, at iba pang mga programa para sa mga bata at kabataan kung saan ang mga bata ay dapat na manatili sa mga pangkat ay hindi maaaring gumamit ng mga playgrounds sa mga panahong bukas ang mga ito sa publiko. Gayunpaman, kung pahihintulutan ng nangangasiwa ng playground, ang childcare, paaralan o iba pang programa ay maaaring magreserba ng oras para sa eksklusibong paggamit ng playground ayon sa programa. Habang nasa playground, ang mga pangkat ay dapat na magpanatili ng paghihiwalay at iwasan ang maghalo-halo.

#### **B. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON**

- Ang mga bisita na dumarating sa playground ay pinaaalalahanan sa pamamagitan ng mga nakapaskil na karatula na magsuot ng isang pantakip ng mukha (face covering) sa lahat ng oras habang nasa playground. Nalalapat ito sa lahat ng mga matatanda at mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inutusan ng kanilang tagapagbigay ng medikal na huwag magsuot ng isang face covering ang hindi saklaw sa pagsusuot nito, ngunit dapat na isaalang-alang ang mga panganib sa kanilang mga sarili at ibang mga tao bago magpasyang pumunta sa isang outdoor playground.
- Karatula (signage) ay dapat na ipaskil sa playground na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas ay hindi dapat pumasok sa lugar na nasasakupan (premises).
- Hanggang sa magagawa, magkaloob ng mga istasyon sa paghuhugas ng kamay o sanitizer para pangasiwaan ang kalinisan ng kamay, lalong-lalo na sa mga panahon ng sobrang dalas na paggamit.

Gumamit ng hand sanitizer (60% ethanol o 70% isopropanol). Huwag kailanman gumamit ng mga hand sanitizer na may methanol dahil sa kanilang mataas na pagkalason sa parehong mga bata at matatanda.

- Ang mga magulang, tagapag-alaga, at mga matatandang superbisor ay dapat na handa na magbigay ng hand sanitizer sa kanilang mga anak bago at pagkatapos gamitin ang kagamitan sa playground.
- Kapag namimili ng mga kemikal na panlinis, ang mga nangangasiwa ng playground ay dapat na gumamit ng mga produktong aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong N na listahan ng Environmental Protection Agency (EPA), at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Gumamit ng mga pandisimpekta na may tatak ng pagiging epektibo laban sa mga lumalabas na viral pathogens, pinalabnaw na pangtahanang bleach solutions (5 kutsara kada galon ng tubig), o alkohol na solusyon na may hindi bababa sa 70% alkohol na naaangkop para sa ibabaw. Pagkalooban ang mga empleyado ng pagsasanay sa mga direksyon ng tagagawa at mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit. Ang mga manggagawa na gumagamit ng mga panlinis o pandisimpekta ay dapat na magsuot ng guwantes at iba pang pamprotektang kagamitan gaya ng inaatas ng produkto,
- Siguruhin na ang lahat ng mga manggagawa ay sinanay na gamitin at magkakaroon ng sapat na gamit ng panlahatang panglinis at pandisimpekta, kapag kailangan.

### **C. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO**

- Ang mga online outlet ng playground (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang protokol, inaatas na paggamit ng mga face coverings, mga kasanayan sa pagkontrol ng impeksyon at mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya.
- Ang mga operator ng pasilidad ay dapat na magpaskil ng karatula sa lahat ng outdoor playground para paalalahanan ang mga bisita sa mga sumusunod na mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya at pagkontrol ng impeksyon:
  - o Lahat ng 2 taon o mas matanda pa ay dapat na magsuot ng face covering sa lahat ng oras habang nasa playground.
  - o Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit na may lagnat, ubo, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga.
  - o Walang kainan o inuman ang papayagan sa playground, para tiyakin na ang mga maskara sa mukha (face masks) ay nakasuot sa lahat ng oras.
  - o Ang mga matatanda o tagapag-alaga ay inaatasan na subaybayan ang kanilang mga anak, at tiyakin na sila ay nakapagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa ibang mga tao na hindi bahagi ng kanilang sambahayan.
  - o Maghugas o mag-sanitize ng mga kamay bago at pagkatapos ng iyong pagbisita sa playground.
  - o Ang mga bisita ay dapat na limitahan sa 30 minuto kapag ang ibang mga tao ay nasa playground.
  - o Ang mga nakatatanda at ang mga taong may mga pinagbabatayang medikal na kondisyon ay dapat na paalalahanan na iwasan ang playground kapag ang ibang mga tao ay naroroon.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng  
Negosyo:**

---

**Numero ng telepono:**

---

**Petsa na Huling Nirebisa:**

---